Republic of the Philippines;
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

May 30, 2022

DENR-MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
05 JUL 2022
INCOMING
OUTGOING
DATE NO.

**FLORIFE C. PEROL**
Sitio Maasim, Brgy. Payompon,
Mamburao, Occidental Mindoro

Gng. Perol,

Isang makakalikasang araw po sa inyo!

Ito po ay tungkol sa inyong ipinadalang reklamo sa 8888 Citizen's Complaint Hotline na may Reference No. G20220528-67-1. Na sang-ayon sa inyo ay nais ninyong malaman mula sa aming tanggapan ang kalagayan ng lupa na may Lot No. 257-258-8, F-045106-313, na matatagpuan sa Sitio Maasim, Brgy. Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro.

Kaugnay nito, nais po naming ipaalam sa inyo na ang mga lupang nabanggit sa itaas ay pag-aari ng mga pribadong tao. Sang-ayon sa Tanggapan ng Talaan ng mga pag-aari sa lalawigan ng Occidental Mindoro ang mga ito ay nakatala sa kanilang *registry books* at pawang mga pribadong pag-aari.

Napag-alaman din namin na ang mga lupang nabanggit ay may nakabinbing mga kaso na dinidinig pa sa Municipal Trial Court sa Bayan ng Mamburao, Lalawigan ng Kanlurang Mindoro. Kapag ang isang kaso sa lupa ay naidulog na sa hurisdiksyon ng hukuman, ang sino man ay walang karapatang magkomento, o maghayag ng impormasyon ukol dito sa ilalim ng *sub-judice* rule.*

Higit pa dyan, ang mga dokumento ukol sa aplikasyon sa lupa ng sino mang indibidwal ay itinuturing na "*confidential documents*" at maari lamang na mapasakamay ng ilang opisyal ng DENR, at hindi maaring bigyan ng sipi ang sinumang *unauthorized persons*. Ang lahat ng impormasyon na isinumite ng sinuman hinggil sa kanilang aplikasyon sa lupa ay maituturing na *restricted documents.**

Samakatuwid, ang inyo pong hiling na magkaroon ng impormasyon sa pag-aari ni Gng. Asuncion Villar kaugnay ng nabanggit na mga lupa ay di mapagbibigyan. Umaasa po kami na kayo ay nabigyan ng kalinawan at impormasyon kaugnay sa polisiyang ito ng DENR.

Lubos ng gumagalang,

**ERNESTO E. TAÑADA**
OIC- PENR Officer

Copy Furnished:

8888 Citizen's Complaint Hotline
Reference No. G20220516-764-7

Regional Executive Director
DENR-MIMAROPA Region
1515 L & S Bldg., Roxas Blvd.
Ermita Manila